## MGA MAHALAGANG SALIK PARA SA PAGBABAWI NG BUHAY-EKKLESIA

(Araw ng Panginoon—Ikalawang Sesyon sa Umaga)

Mensahe Walo

# Ang Salik ng Pamumuhay ng isang Nananaig na Buhay sa Binawing Ekklesia upang Pasukdulin ang Dibinong Ekonomiya at upang Maging ang Bagong Herusalem

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 3:7-8, 11-12, 21; 19:7; 21:2, 9-11

**I. Ang mga mandaraig ay ibinubunga sa pamamagitan ng nananaig na Kristo bilang ang pitong ulit na pinatinding Espiritu, at sila ay may kabigatan para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo bilang ang paghahanda ng kasintahang babae ni Kristo—Efe. 4:16; Apoc. 5:6; 19:7-9:**

A. Ang mga mandaraig ay para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo upang pasukdulin ang Bagong Herusalem—Efe. 4:12, 16; Apoc. 2:7b; 3:12, 21:

1. Kung wala ang mga mandaraig ang Katawan ni Kristo ay hindi maitatayo, at maliban na ang Katawan ni Kristo ay maitayo, si Kristo ay hindi makakabalik para sa Kanyang kasintahang babae—19:7-9.
2. Ang mga mandaraig na ibinubunga ni Kristo bilang ang pitong ulit na pinatindi, Espiritung nagbibigay-buhay ay nagtatayo ng Katawan sa kapanahunang ito para sa paunang pagpapasukdol ng Bagong Herusalem sa kapanahunan ng kaharian at kalaunan para sa lubusang pagpapasukdol ng Bagong Herusalem sa bagong langit at bagong lupa—1:4; 2:7; 4:5; 5:6; 3:12; 21:2.

B. Ang mga pangako ng Panginoon sa dulo ng bawat isa sa pitong liham sa Apocalipsis 2 at 3 ay tumutukoy kapwa sa kasalukuyang pagtatamasa ng mga mandaraig at sa gantimpalang ibibigay sa kanila sa darating na sanlibong taong kaharian—2:7b, 11b, 17b, 26-28; 3:5, 12, 21:

1. Upang makapasok sa kagalakan ng Panginoon at matanggap ang Panginoon bilang ating lubhang dakilang gantimpala sa susunod na kapanahunan, kailangan nating tamuhin Siya at tapat na tamasahin Siya ngayon sa kapanahunang ito—Mat. 25:21b, 23b; Fil. 3:8-9; Gen. 15:1.
2. Kung hindi natin tapat na tatamasahin at mararanasan si Kristo bilang ang realidad ng Kanyang mga pangako ngayon, tayo ay hindi makakabahagi sa pagsasakatuparan ng mga ito sa kapanahunan ng kaharian; ang prinsipyo ay yaong kung ano tayo ay ang magiging ating gantimpala—1 Cor. 9:24-27.

**II. Bilang isang tanda, ang ekklesia sa Filadelpia ay paunang sagisag ng binawing ekklesia—Apoc. 3:7:**

A. Ang ekklesia sa Filadelpia sa pampropesya ay nagpapakita ng ekklesia ng kapatirang pag-ibig, yaon ay, ang wastong buhay-ekklesia—b. 7.

B. Isang natatanging katangian ng ekklesia sa Filadelpia ay yaong iningatan niya ang salita ng Panginoon—bb. 7-8.

C. Sinasabi ng Panginoon sa Apocalipsis 3:8 na hindi pinagkaila ng ekklesia sa Filadelpia ang Kanyang pangalan; ang salita ng Panginoon ay ang Kanyang kahayagan, at ang pangalan ng Panginoon ay ang Panginoon Mismo—Col. 3:16-17; Mat. 18:20.

D. Ang pagbabalik sa dalisay na salita na mula sa lahat ng heresiya at tradisyon at tungo sa pagtataas ng pangalan ng Panginoon sa pamamagitan ng pag-aabandona ng bawat ibang pangalan ay ang pinaka nakahihikayat na patotoo sa binawing ekklesia—Apoc. 3:8.
E. Sa binawing ekklesia, ang Panginoon ay ang Isa na may susi ni David, ang susi ng kaharian, taglay ang awtoridad upang magbukas at upang magsara—b. 7; Isa. 22:22:
   1. Ito ang susi ng kaban ng yaman ng bahay ng Diyos, na sinasagisag ng bahay ni David para sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos—39:2; 2 Sam. 7:16.
   2. Ang susi ni David ay para sa pag-iingat ng mga kayamanan ng bahay ng Diyos, na siyang lahat ng kayamanan ni Kristo para sa ating pagtatamasa—Efe. 3:8.
   3. Ang susi ni David ang nagbubukas sa buong sansinukob para sa Diyos—Isa. 22:22; Apoc. 3:7:
      a. Kinakatawan ni David ang Diyos sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa lupa at taglay ang susi ng pamamahala ng Diyos—Isa. 22:22.
      b. Bilang ang tunay na David, ang mas dakilang David, itinayo ni Kristo ang bahay ng Diyos, ang tunay na templo, at Kanyang itinatag ang kaharian ng Diyos, ang pamamahala kung saan Kanyang ineensayo ang lubos na awtoridad upang ikatawan ang Diyos; samakatwid, hinahawakan Niya ang susi ni David—Mat. 1:1; 12:3-8; 16:18-19.
      c. Ang katotohanan na si Kristo ang nagtataglay ng susi ni David ay sumasagisag na Siya ang sentro ng ekonomiya ng Diyos; Siya ang Isa na naghahayag sa Diyos at kumakatawan sa Kanya, ang Isa na humahawak ng susi upang buksan ang lahat ng bagay sa kapamahalaan ng Diyos—Col. 1:15-18.

**III. Gagawin ng Panginoong Hesus ang mga mandaraig sa binawing ekklesia na isang haliging naitayo sa templo ng Diyos—Apoc. 3:11-12a:**

A. Ginagawa tayo ng Panginoon na mga haligi sa pamamagitan ng pagtatransporma sa atin, yaon ay, sa pamamagitan ng pag-aalis ng ating natural na elemento at hinahalinhan ito ng Kanyang dibinong esensiya—Rom. 12:2; 2 Cor. 3:18:
   1. Ang kahulugan ng *gagawin* sa Apocalipsis 3:12 ay ang buuan tayo tungo sa isang bagay, upang itayo tayo sa isang malikhaing paraan.
   2. Sa buhay ekklesia ngayon, isinasagawa ng Panginoon ang Kanyang sarili tungo sa atin at ginagawa tayo, binubuuan tayo, na mga haligi sa templo ng Diyos.
B. Sa Apocalipsis 21:22 makikita natin na sa Bagong Herusalem ang Tres-unong Diyos Mismo ang magiging templo:
   1. Para sa mga mandaraig na maging mga haligi sa templo ay nangangahulugan na sila ay magiging mga haligi sa Tres-unong Diyos—3:12a.
   2. Kinapapalooban ito ng pagiging naihalo sa Tres-unong Diyos at nabuan Niya—Efe. 3:16-17a.
C. Maging sa buhay-ekklesia ngayon, ang mga mandaraig na banal ay mga haligi sa Tres-unong Diyos—Apoc. 3:12a; Gal. 2:9:
   1. Ang mga banal na ito kung misan ay may kamalayan na ang ekklesia sa katanuyan ay walang ibang maliban sa Tres-unong Diyos, gaya ng ipinahiwatig ng gintong patungang-ilawan bilang isang sagisag ng ekklesia—Apoc. 1:12, 20.

2. Ang mga haligi sa ekklesia ngayon ay mga haligi sa Tres-unong Diyos; sa darating na kapanahunan, ang mga mandaraig na mananampalatayang ito ay magiging mga haligi sa templo ng Diyos, na siyang ang Diyos Mismo—3:12a; 21:22.
3. Mula rito ay makikita natin na ang pagiging ginawang mga haligi ay kinapapalooban ng Tres-unong Diyos na naihalo at naibuo sa mga tapat na mananampalataya—2 Cor. 13:14.

D. Ang manaig sa ekklesia sa Filadelpia ay ang ingatan kung ano ang tinanggap natin sa pagbabawi ng Panginoon hanggang sa katapusan; kung gagawin natin ito, gagawin tayo ng Panginoon na isang haligi sa templo ng Diyos—Apoc. 3:11-12a.

**IV. Ang mandaraig sa binawing ekklesia ay binubuo ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos at nagiging ang Bagong Herusalem, "ang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero"—b. 12b; 21:2, 9-11:**

A. Ang namamahalang pangitain ng Biblia ay ang Tres-unong Diyos na isinasagawa ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang pinili at tinubos na bayan upang matigmakan ang kanilang buong katauhan ng Dibinong Trininad para sa pagbubunga at pagtatayo ng ekklesia bilang ang Katawan ni Kristo, napapasukdol sa Bagong Herusalem—Efe. 4:4-6; Apoc. 21:2, 9-10.

B. Ang Bagong Herusalem ay isang komposisyon ng pagka-dibino at pagkatao na pinagsama, pinaghalo, at magkasamang itinayo bilang isang entidad; lahat ng mga sangkap ay may parehong buhay, kalikasan, at pagkakabuo at sa gayon ay isang sama-samang persona—Juan 14:20, 23; Apoc. 21:2-3, 9-23:
1. Ang Bagong Herusalem ay ang pagpapasukdol ng sentrong pangitain ng ekonomiya ng Diyos at ng mataas na rurok ng dibinong pahayag—bb. 2, 9-11.
2. Ang Bagong Herusalem ay isang komposisyon ng pinili, tinubos, isinilang na muli, pinagingbanal, binago, tinransporma, iwinangis, at niluwalhating bayan ng Diyos na ginawang Diyos—Juan 3:6; Heb. 2:11; Roma 12:2; 8:29-30:
   a. Upang tayo ay maging diyos ay nangangahulugan na tayo ay binubuuan ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos upang tayo ay gawing Diyos sa buhay at kalikasan upang maging Kanyang sama-samang kahayagan sa kawalang-hanggan—Apoc. 21:11.
   b. Ang pagpagiging diyos ng mga mananampalataya ay isang proseso na mapapasukdol sa Bagong Herusalem; ito ang pinakamataas na katotohanan at ang pinakamataas na ebanghelyo—Roma 1:1, 3-4; 5:10; Apoc. 21:2; 3:12.

C. "Isusulat Ko sa kanya [ang mandaraig] ang pangalan ng Aking Diyos at ang pangalan ng lunsod ng Aking Diyos, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit galing sa Aking Diyos, at ang Aking bagong pangalan"—b. 12b:
1. Ang katotohanan na ang pangalan ng Diyos, ang pangalan ng Bagong Herusalem, at ang bagong pangalan ng Panginoon ay nakasulat sa mandaraig ay nagpapahiwatig na ang mandaraig ay inangkin ng Diyos, ng Bagong Herusalem, at ng Panginoon; na ang Diyos Mismo, ang Kanyang lunsod (ang Bagong Herusalem), at ang Panginoon Mismo ay pawang nabibilang sa kanya; at na siya ay kaisa ng Diyos, ng Bagong Jerusalem, at ng Panginoon.
2. Ang pangalan ng Diyos ay ipinahihiwatig ang Diyos Mismo, ang pangalan ng Bagong Herusalem ay ipinahihiwatig ang lunsod mismo, at ang pangalan ng Panginoon ay ipinahihiwatig ang Panginoon Mismo—b. 12b.

3. Na ang pangalan ng Diyos, ang pangalan ng Bagong Herusalem, at ang pangalan ng Panginoon ay nakasulat sa mandaraig ay nagpapahiwatig na kung ano ag Diyos, ang kalikasan ng Bagong Herusalem, at ang persona ng Panginoon ay pawang naisagawa tungo sa mandaraig—Juan 14:19-20, 23; Efe 3:16-17.
4. Ang pagbanggit ng Bagong Herusalem bilang isang gantimpala sa mandaraig ay nagpapahiwatig na ang pangakong ito ay matutupad sa sanlibong taong kaharian; ang Bagong Herusalem sa sanlibong taon ay magiging isang gantimpala sa mga mandaraig lamang—Apoc. 3:12b.

*© 2021 Living Stream Ministry*